Mga FAQ ukol sa takip sa mukha

Noong ika-17 ng Mayo, 2021, inisyu ni Gobernador Pritzker and Kautusang Tagapagpaganap 2021-10, na tumutugon sa pinakahuling CDC guidelines at nagtatanggal ng mga patakaran sa paggamit ng takip sa mukha para sa mga kumpletong nabakunahang mga indibidwal.

Para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang gagawin kung ikaw ay nakakumpleto ng bakuna, bisitahin ang: CDC's guidance.

Mga Kinakailangan sa Takip sa Mukha

Ano ang ibig sabihin ng magsuot ng takip sa mukha?

Ang takip sa mukha ay dapat na tumatakip ng buo sa ilong at bibig. Ang takip sa mukha ay dapat payagan ang paghinga nang walang paghihigpit. Hindi kinakailangan ang pagsusuot ng pang-ospital na antipas o iba pang tukoy na uri o tatak ng takip sa mukha. Maaari kang magsuot ng isang gawang bahay na takip sa mukha, sa kondisyon na akmang mabuti at tinatakpan ang iyong ilong at bibig. Para sa mas tiyak na impormasyon sa kung paano gumawa o alagaan ang iyong takip sa mukha, mangyaring bisitahin ang website ng Illinois Department of Public Health's (IDPH) sa http://www.dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/mask-use.

Kailangan ko pa bang magsuot ng takip sa mukha sa publiko?

Upang umayon sa alituntunin ng CDC, ang mga nakakumpleto ng bakuna ay maaring hindi magsuot ng takip sa mukha at pagsunod sa pisikal na pagdistansiya sa mga panloob o panlabas na lugar. Ang mga indibidwal na hindi pa nakakumpleto ng bakuna ay nararapat na magsuot ng takip sa mukha at sumunod sa pisikal na pagdistansiya sa mga pambublikong lugar.

Kailangan ko pa bang magsuot ng takip sa mukha kung di ko pa nakumpleto ang bakuna?

Ang sinumang indibidwal na hindi pa kumpletong nabakunahan at hindi kayang makasunod sa anim na talampakang paglayo ay nangangailangan ng pagtatakip ng ilong at bibig gamit ang takip sa mukha. Nalalapat ang kinakailangang ito maging sa isang panloob na puwang, tulad ng isang tindahan, o sa isang pampublikong panlabas na puwang kung saan ang pagpapanatili ng anim na talampakang distansya ng bawat isa ay hindi laging posible.

May mga pagkakataon bang ang mga takip sa mukha ay kinakailangan padin kahit na nabakunahan na?

Ang CDC ay patuloy na naguutos ng pagsuot ng takip sa mukha sa lahat ng tao sa loob ng mga pagamutan, matataong lugar, at mga pampublikong sakayan. Isa pang karagdagan upang makasunod sa alituntunin ng CDC, ang Illinois State Board ng

Education (ISBE) ay naglabas ng paguutos sa pagsusuot ng takip sa mkuha sa mga paaralan. Ang Illinois Department of Children and Family Services (DCFS) ay naguutos ng takip sa mukha sa daycare. Nirerekomenda ng CDC na ang mga indibidwal na may mga immunocompromised na kundisyon, pati ang mga umiinom ng immunocompressive na mga gamot, ay hinihikayat na kumunusulta sa kanilang manggagamot matapos ang pagbabakuna para sa pansaliring proteksyon.

Kailangan ko pa bang magsuot ng takip sa mukha sa bus o tren?

Oo. Ang mga takip sa mukha ay kinakailangan padin sa mga pambuklikong sakayan tulad ng bus, tren, o eroplano.

Kinakailangan ba ng patunay na ako ay nabakunahan?

Ang Estado ng Illinois ay kasalukuyang hindi nangangailangan ng patunay sa pagkabakuna sa anu mang gawain at umaasa sa mga indibiwal na magsuot ng takip sa mukha alinsunod sa mungkahi sa ilalim ng alituntunin ng CDC. Ang mga pribadong negosyo ay maaring gumawa ng sistema na nangangailangan ng patunay sa pagkabakuna.

Maaari ba akong hindi papasukin ng isang tindahan o negosyo kung wala akong takip sa mukha?

Oo. Ang isang tindahan o negosyo sa pangkalahatan ay maaaring pagbawalan ka sa pagpasok sa gusali kung wala kang takip sa mukha upang maprotektahan ang kalusugan ng iba. Gayunpaman, kung mayroon kang kondisyong medikal o kapansanan na pumipigil sa iyo mula sa ligtas na pagsusuot ng takip sa mukha, dapat kang makipag-usap sa isang empleyado ng tindahan tungkol sa isang makatwirang pagsasaayos upang matulungan kang makuha ang mga serbisyong kailangan mo nang hindi nalalagay sa panganib ang iyong kalusugan o kalusugan ng iba pang mga mamimili.

Mga Pagbubukod

Maaari bang hilingin ng isang negosyo na alisin ko ang aking takip sa mukha upang masuri ang aking pagkakakilanlan?

Oo. Mayroong ilang mga pangyayari kung maaaring hilingin ng isang negosyo na pansamantalang alisin ang takip ng iyong mukha para sa hangaring suriin ang pagkakakilanlan, tulad ng kung bumili ka ng alkohol, cannabis, o ilang gamot.

Paano kung mayroon akong kondisyong medikal o kapansanan na pumipigil sa akin na magsuot ng takip sa mukha?

Kung mayroon kang kondisyong medikal o kapansanan na pumipigil sa iyo mula sa ligtas na pagsusuot ng takip sa mukha, hindi ka maaaring hingin na magsuot nito. Gayunpaman, kung hindi ka maaaring magsuot ng isa, kakailanganin mong humiling ng

isang makatwirang pagsasaayos at gumawa ng mga karagdagang pag-iingat upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iba pa mula sa pagkakahawa sa COVID-19.

Kawalan ng Diskriminasyon

Paano kung hilingin sa akin ng isang empleyado na alisin ang takip sa aking mukha dahil naniniwala ang empleyado na mukhang "kahina-hinala" ako?

Ito ay isang paglabag sa Illinois Human Rights Act para sa isang negosyo na gumawa ng mga aksyon o i-profile ang isang tao batay sa mga kadahilanan tulad ng kanilang lahi, pambansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan. Ang mga indibidwal na naniniwala na sila ay naitala ng isang lugar ng pampublikong tirahan, tulad ng isang negosyo, ay maaaring makipag-ugnayan sa IDHR upang magsampa ng isang kaso ng diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa www.illinois.gov/dhr o sa pamamagitan ng pagtawag sa (312) 814-4320 o (866) 740-3953 (TTY).

Maaari bang magpataw ang isang negosyo ng iba't-ibang mga kinakailangan sa takip sa mukha batay sa lahi, pambansang pinagmulan, relihiyon, o edad?

Hindi. Ang isang negosyo ay dapat tratuhin nang pantay ang lahat ng mga tao, nang hindi isinasaalang-alang ang ilang mga protektadong basehan tulad ng kanilang lahi, pambansang pinagmulan, relihiyon, o edad. Ang mga indibidwal na naniniwala na iba ang pagtrato sa kanila dahil sa isa o mga protektadong basehan ay maaaring makipag-ugnayan sa IDHR upang magsampa ng isang kaso ng diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa www.illinois.gov/dhr o sa pamamagitan ng pagtawag sa (312) 814-4320 o (866) 740-3953 (TTY).